



Australian Government

COVID-19
VACCINATION

Pang-apat na dosis ng bakuna laban sa COVID-19

Ika-08 ng Hulyo 2022

Ang taglamig ay kadalasang nagdadala ng mas maraming impeksyon mula sa mga virus sa paghinga katulad ng COVID-19. Upang magkaroon ng pinakamaraming proteksyon laban sa COVID-19, isang karagdagang booster, o pang-apat na bakuna laban sa COVID-19 ay inirerekomenda para sa mga taong may mas mataas na panganib sa malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19. Ito ang magiging pang-limang dosis ng bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong matinding immunocompromised.

Dapat kang makakuha ng pang-apat na dosis ng bakuna laban sa COVID-19 kung ikaw ay:

- 50 taong gulang o mas matanda
- isang residente ng pasilidad sa pangangalaga ng may edad o may kapansanan

Isang karagdagang booster ay inirerekomenda rin para sa mga taong 16 taong gulang o mas matanda na:

- immunocompromised
- mayroon o nakaligtas sa mga partikular na kanser
- may isang sakit na auto-immune na nangangailangan ng paggamot
- may talamak o malubhang sakit na nakakaapekto sa iyong mga baga, atay, mga bato, utak o puso
- may diyabetis na nangangailangang magamot
- may kapansanan na may makabuluhan o kumplikadong pangangailangan sakalusugan
- sobrang mabigat o sobrang magaan.

Ang mga taong edad na 30 hanggang 49 taon ay maaari ring makatanggap ng pang-apat na dosis kung pipiliin nila.

Makipag-usap sa iyong doktor kung hindi ka sigurado na dapat makatanggap ng pang-apat na dosis.

Maaari kang makakuha ng iyong pang-apat na dosis ng bakuna laban sa COVID-19 kung may hindi bababa sa **3 buwan** na ang nakalipas mula ng iyong dosis ng booster.

Maaari mong tanggapin ang iyong pagbabakuna laban sa COVID-19 na magkasabay sa isang bakuna laban sa trangkaso.

Kung nasuri ka kamakailan na positibo sa COVID-19, inirerekomenda na maghintay ka ng **3 buwan** bago magpabakuna ng susunod mong dosis laban sa COVID-19.



Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.health.gov.au o tumawag sa National Coronavirus Helpline sa 1800 020 080. Piliin ang opsyon 8 para sa mga libreng serbisyo ng pag-iinterpretar.